





# Reducing Incidence of Child Labor and Harmful Conditions of Work in Economic Strengthening Initiatives (RICHES)

## Pre-Situational Analysis na Saliksik para sa Pilipinas September 2020

Hindi inaasahan ng karamihan na ang pagbibigay ng puhunan sa mga negosyo ng kababaihan ay magpapataas ng panganib o insidente ng child labor o hindi maayos na kalagayan ng pagtatrabaho. Subalit, sinasabi ng Pre-Situational Analysis (PSA) na isinagawa ng RICHES initiative na kahit mayroong malakas na kultura ng pagnenegosyo sa mga kababaihang Pilipino, marami silang kinakaharap na mga hadlang na maaaring maglimita ng kanilang tagumpay. Ang mga nakakakuha ng akses sa microcredit ay maaaring magtamasa ng pagtaas sa kita, subalit ang mga hindi flexible na terms ng pagbabayad ng utang, kakulangan ng social proteksyon at iba pang mga hamon ay maaaring lumikha o magpalala ng mga sitwasyon ng child labor at hindi maayos na kondisyon ng pagtatrabaho. Kahit lubos na pinahahalagahan at inuuna ng mga magulang at kanilang mga anak ang edukasyon, kadalasan ay walang sapat na pera ang mga pamilyang may mababang kita upang mapunan ang mga gastos sa bahay at edukasyon kung kaya't napipilitang silang umasa sa child labor. Dagdag pa rito, bagamat ang mga polisiya at programa ng pamahalaan na naglalayong sugpuin ang child labor ay tinatangkang gawing multi-sektoral, hindi palaging naisasama ng mga ito ang mga stakeholder na nagtataguyod ng small and medium enterprises kung saan madalas na matagpuan ang child labor o ang mga nagtataguyod ng women's economic empowerment (WEE) tulad ng mga financial service providers at mga organisasyong sumusuporta sa negosyo ng kababaihan para maisaalang-alang ang mga isyu ng child labor at mga kondisyon sa pagtatrabaho. Upang matugunan ang mga problemang ito, may mga mungkahi ang RICHES project na mga pangunahing polisiya at mga istratehiya na maaaring ipatupad ng mga kalahok sa WEE sa lebel ng organisasyon at kliyente. Ang ilan sa mga rekomendasyon para sa Pilipinas ay: pataasin ang kamalayan sa mga panganib ng child labor at hindi maayos na kalagayan ng pagtatrabaho sa parehong mga kasali sa WEE at sa kanilang mga kliyente; pagbuo at pagbibigay ng isang komprehensibong hanay ng mga serbisyong pampinansyal na makakatulong sa mga babaeng negosyante para pangasiwaan ang mga risgo at para simulan at palaguin ang kanilang mga negosyo; magsagawa ang mga pag-uusap sa loob ng sambahayan na nagtataguyod ng positibong pagdedesisyon at pagpaplano; at pag-uugnay ng mga kliyente sa mga serbisyong pang-social protection upang matugunan ang kanilang komprehensibong pangangailangan.

GRAMEEN FOUNDATION

RICHES

ABA AMERICAN BAR ASSOCIATION Rule of Law Initiative

Funding is provided by the United States Department of Labor under cooperative agreement number IL-31469. 100% of the total costs of the project or program are financed with federal funds, for a total of $1,500,000 dollars. This report does not necessarily reflect the views or policies of the United States Department of Labor, nor does mention of trade names, commercial products, or organizations imply endorsement by the United States Government.

## BACKGROUND

Ang RICHES ay isang proyektong multi-sektoral sa pagbuo ng kapasidad na pinamumunuan ng isang grupo ng pinagsamang mga dalubhasa sa Women's Economic Empowerment (WEE)[1], child labor, at rule of law. Nilalayon ng RICHES na maisama ang mga isyu ng pagsugpo ng child labor at pagtaguyod ng katanggap-tanggap na kondisyon ng trabaho[2] sa mga inisyatibo ng WEE sa pamamagitan ng pagbuo ng isang toolkit para sa mga mambabatas, mga institusyong pang-microfinance (MFI) at iba pang mga financial service providers (FSPs), at iba pang sumusuporta sa mga negosyanteng kababaihan.

Sinuri ng RICHES Pre-Situational Analysis (PSA) ang interseksyon ng child labor, mga kondisyon sa pagtatrabaho sa mga negosyo ng kababaihan, at mga inisyatibo ng WEE sa pandaigdigang antas na siyang nagbigay-alam sa pagbuo ng RICHES toolkit. Dalawang bansa, ang El Salvador at ang Pilipinas, ang napiling maging pilot para sa malalim na pag-aaral at para sa pagsubok sa mga tools upang masuri ang kaangkupan nito sa buong mundo.

Ang PSA ay gumamit ng isang malawak na pagsusuri sa panitikan, mga panayam sa mga pangunahing impormante, at mga talakayan o focus group discussion sa El Salvador, Pilipinas, at sa buong mundo, partikular sa mga gumagawa ng patakaran, mga kinatawan ng WEE (mga financial service providers at mga samahan ng sumusuporta sa negosyo ng mga kababaihan), mga field staff, at potensyal na mga benepisyaryo at kanilang mga anak. Bagamat ang PSA ay likas na global, ang sulating ito ay nakatuon sa Pilipinas at nagbubuod ng mga pangunahing natuklasan sa pananaliksik at ng mga mungkahi ng solusyon.

## PANGUNAHING NATUKLASAN AT PANANAW

### Ang Child Labor, Hindi Katanggap-tanggap ng Kondisyon ng Trabaho (UACW)[3], at ang kaugnayan mga ito sa WEE sa Pilipinas

- **Ang child labor ay laganap sa sector ng agrikultura at sa mga sektor ng retail at kalakal, kung saan maraming mga negosyo na pinapatakbo ng mga kababaihan.** Bagaman walang tiyak na datos na makukuha sa bilang ng mga bata na nagtatrabaho sa mga negosyo ng kababaihan, ang *2011 Survey on Children* ay nagpapahiwatig na ang dalawang-katlo (2/3) ng mga batang manggagawa na may edad 5 hanggang 14 ay nakikibahagi sa hindi bayad na gawaing pampamilya, kabilang ang mga negosyo ng pamilya (family business). Karamihan sa mga batang ito ay pinagsasama ang trabaho sa pag-aaral, at ang trabaho ay karaniwang ginagawa sa labas ng oras ng pag-aaral o sa sabado at linggo. Ang mga batang lalaki at babae ay parehong tumutulong sa mga negosyo ng kababaihan, ngunit maari silang gumawa ng magkaibang mga gawain.
- **May kakulangan sa pag-unawa sa child labor at UACW, partikular sa mga komunidad, lalo na sa mga negosyo ng kababaihan, kasama ng mga kinatawan ng WEE.** Ang pang-unawa ng mga sambahayan sa Pilipinas sa child labor ay sapilitang paggawa (o forced labor), pamamalimos,

---

[1] WEE is defined by the Women and Girls Empowered (WAGE) Consortium as, "A process by which women increase their power to succeed as equal and active participants in the economy. This includes women's enhanced access to and control of human, economic, and social resources **(power over)**; individual agency to make independent decisions that benefit themselves, their families, communities, and nations **(power to)**; personal assets, including knowledge, skills, self-confidence, resilience, and ability to take and manage risk **(power within)**; and collective assets, such as support services and networks **(power with)**. Women's economic empowerment is critical to achieving gender equality, poverty reduction, economic growth, and other sustainable development goals".

[2] Acceptable conditions of work are considered to be positive conditions of work in terms of wages, hours of work, and occupational health and safety.

[3] Unacceptable conditions of work are considered to be negative conditions related to wages, hours of work, and occupational health and safety.

o mga gawain na hindi alam o walang superbisyon ng mga magulang. Hindi nila nakikita ang child labor bilang trabahong ginagawa ng mga bata upang masuportahan ang kanilang pamilya, kahit na ang gawaing iyon ay may kasangkot na panganib, mahabang oras, o pagkagambala ng pag-aaral. Bukod dito, bagamat ang mga nakalathalang pananaliksik ay nagsasaad ng malinaw na pagkakaiba sa pagitan ng mga nagtatrabaho na bata (working children) at mga batang manggagawa (child laborers), hindi malinaw ang pagkakaunawa at madalas nagkakapalit ang paggamit ng mga terminong ito. Nagdudulot ito ng malaking kalituhan, ngunit maaari ring magresulta sa isang understated o overblown na pagtingin sa problema na maaaring makaapekto sa pagdisenyo ng programa.[4]

- **Ang kahirapan ang pangunahing dahilan ng child labor at UACW, kasama ng mga negosyo ng kababaihan.** Kabilang sa iba pang mga dahilan ng mga problemang ito ay ang mga sumusunod: pangangailangan na magtrabaho upang makadagdag sa kita ng pamilya; hadlang sa kalidad na edukasyon; kakulangan ng mga panlipunang proteksyon at suporta para sa mga pamilya; mas pinipili ng mga magulang na magtrabaho ang mga anak sa negosyo ng pamilya dahil mas tiwala sila dito at dahil wala o mababa ang bayad sa pagtrabaho ng mga bata at iba pang miyembro ng pamilya; at hindi flexible na paraan ng pagbabayad ng utang. Para sa mga mas matatandang bata, tumataas ang trade-off sa pagitan ng pagtatrabaho at pag-aaral, na maaaring humantong sa pagpili ng mas maraming mga bata na magtrabaho kaysa sa mag-aral.

**Ang child labor ay laganap sa sector ng agrikultura at sa mga sektor ng retail at kalakal, kung saan maraming mga negosyo na pinapatakbo ng mga kababaihan.**

- **Ang mga mahinang batas at panlipunang proteksyon, particular na sa impormal na sektor at lalo na para sa mga kababaihan, ay madalas na humantong sa UACW, kabilang ang mahabang oras at mga panganib sa trabaho.** Nakita sa pananaliksik sa field na ang mga babaeng negosyante ay patuloy na nagtatrabaho ng napakahabang oras, na nagsisimula 3:00 ng madaling araw at nagtatapos ng 10:00 ng gabi. Nakadarama ang mga kababaihan ng labis na trabaho at mas mahabang oras ng trabaho. Nagsabi din sila na stress ang pangunahing peligro sa kanilang trabaho. Ang mga pangunahing panganib sa trabaho na kinakaharap nila ay ang mga pagkapaso sa pagluluto, pagkaka-hantad sa mga elemento, at pagkatumba habang nagtatrabaho.
- **Ang mga kababaihan ay humaharap sa mga malalaking hadlang sa pagnenegosyo**. Bagaman ang Pilipinas ay may malakas na matriarkal na kultura na nagpapahintulot sa mga babae na magkaroon ng mga aktibong papel sa pagdedesisyon sa sambahayan at sa ekonomiya (70 porsyento ng mga kumpanya ay bahagyang o buong pagmamay-ari ng mga kababaihan sa Pilipinas), hindi sapat na sumusuporta sa kanilang mga karapatan ang mga batas. Malaking hadlang sa mga kababaihan ang kakulangan ng akses sa kolateral, lalo na ang lupa, pati na rin ang kakayahang gamitin ang lupa at ibang mga pag-aari nila bilang kolateral. Maaari nitong mapahina ang kanilang kakayahang makautang ng pera, na maaari namang magpalala ng child labor at UACW. Maraming kababaihan din ang kulang sa training at resources upang makahanap ng ibang mapagkukunan ng kita para mapunan ang hindi palagian o pana-panahong kita.

Bagaman mayroon matriarkal na kultura ang Pilipinas, hindi sapat na sumusuporta ang mga batas sa karapatan ng mga kababaihan, lalo na pagdating sa karapatan sa lupa at iba pang ari-arian. Nagiging hadlang ang mga ito sa kanilang kakayahang makautang ng pera, na maaaring magpalala ng child labor at UACW.

[4] The *Philippines 2011 Survey on Children* (SOC) defines a "working child" as one who worked for at least one hour in the week preceding the survey. "Child labor" is generally defined as work that is "mentally, physically, socially, or morally dangerous and harmful to children, and that interferes with their schooling." It is worth noting that child laborers are a subset of working children. Despite the clarity of these definitions, other reports that reference it are not consistent in their use of the terms "working children" and "child labor," and often use them interchangeably. These inconsistencies make comparing and analyzing data across reports challenging and often confusing.

- **Maaaring makatulong ang microcredit para mapabuti ang kita ng isang sambahayan ngunit maaari rin itong magkaroon ng baliktad na epekto na pataasin ang child labor at UACW**. Mataas ang binibigay na halaga ng mga pamilyang Pilipino sa edukasyon ng kanilang mga anak. Mataas din ang bilang ng mga kababaihang nagnenegosyo sa bansa. Gayunpaman, ang microcredit ay maaaring magresulta sa mas maraming trabaho sa loob ng bahay at pressure na makabayad ng utang sa tamang oras. Kapag dumating sa sitwasyong maaaring hindi makabayad ang mga kababaihan ng utang, ang mga bata ay maaaring mahila mula sa kanilang pag-aaral upang magtrabaho at makatulong na mapunan ang kakulangan. Ipinakita ng isang pagsusuri sa isang programa na nagbigay ng panimulang kapital sa mga magulang ng mga batang manggagawa na habang ang kapakanan ng isang sambahayan ay maaaring napabuti ng programang ito, tumaas din ang child labor sa maraming mga pamilya.

## Mga Pangunahing Pagsisikap at Puwang ng mga Stakeholder sa Pagtugon sa Child Labor at UACW sa Pilipinas

- Bagaman **maraming inisyatibo ang Pamahalaan ng Pilipinas upang tugunan ang child labor at itaguyod ang katanggap-tanggap na kondisyon ng trabaho at WEE, limitado o minsan ay walang koordinasyon na krus-sektoral ang mga programang ito.** Halimbawa, ang pamahalaan ay bumuo ng National Council Against Child Labor (NCACL), isang inter-agency body na pinamumunuan ng Department of Labor and Employment (DOLE) at ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) at kinabibilangan ng mga ahensya ng gobyerno at mga kinatawan sa mga sector ng manggagawa at employer at mga NGOs na tumatalakay sa isyu ng child labor. Mayroon ding mga programa ang pamahalaan tulad ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) ng DSWD at ang KASAMA ng DOLE na kapwa tumutugon sa child labor at tumutulong sa mga pamilya ng mga batang manggagawa. Sa WEE, ang Department of Trade and Industry (DTI) ay nagpapatupad ng mga programa na nakatuon sa pagsuporta at pagtataguyod ng mga maliliit na negosyo, kabilang ang mga pinapatakbo ng mga kababaihan. Ang Go Negosyo Act ay sumusuporta sa pagbuo ng mga micro, small, and medium enterprises sa pamamagitan ng pagpapadali sa pagpaparehistro ng mga Negosyo, pagpapalawig ng akses sa mga serbisyo, pagbibigay ng mga serbisyong nauugnay sa training, financing, at marketing; at pagpapadali ng pag-akses sa tulong pinansyal sa mga centers sa buong bansa. Ang MentorME program na pinapatakbo ng DTI - Bureau of Small and Medium Enterprise Development ay tumutulong sa mga micro at small enterprises para lumago sa pamamagitan ng paghikayat sa mga may-ari ng negosyo at mga practitioners na makibahagi bilang coach sa iba't ibang aspeto ng pagnenegosyo. Bagaman nilalayon ng NCACL na maging multi-sektoral ang mga miyembro nito, hindi nito palaging naiisama ang DTI o iba pang mga kinatawan ng WEE. Hindi rin tumutugon ang ang mga programa ng DTI sa child labor o UACW.


> While the Government of the Philippines has substantial programming to combat child labor and improve women's economic empowerment, there is little to no cross-sectoral collaboration between these programs.

- **Tatlong uri ng mga interbensyon – mga transfers, health insurance, at mas mataas na akses sa edukasyon - ay nakitang epektibo sa pagtugon sa child labor at UACW**. Gayunpaman, ang bahagyang cash transfer para sa edukasyon ay maaaring hindi ganun kaepektibo katulad ng buong cash transfer para sa edukasyon para mabawasan ang insidente ng child labor. Mula nong 2008, ang programang 4Ps ay nag-alok ng conditional cash transfer na may kasamang grant para sa kalusugan at edukasyon. Nagtagumpay ang programa sa pagpapabuti ng pagdalo sa paaralan ng mga kabataan, subalit dahil ang grant sa edukasyon ay hindi buo, minsan ay nakadagdag pa ito sa child labor sa mga pinakamahihirap na pamayanan lalo na sa mga batang hindi nag-aaral.
- **Limitado ang impormasyon na nagpapakita ng pagiging epektibo ng iba pang mga uri ng interbensyon tulad ng pagpapataas ng kamalayan at adbokasiya, mga labor cooperatives, at mga savings groups sa pagtugon sa child labor at UACW.** Ang pagpapataas ng kamalayan ay maaaring maging hindi gaanong epektibo kung nakatuon lamang ito sa pagsunod sa mga batas sa labor kaysa sa pagsasaalang-alang ng mga alalahanin ng mga pamilya na may kinalaman sa kanilang mga anak o sa pagkonsidera ng kanilang mga kakayahan sa pagsuri ng panganib sa kanilang mga anak at paghanap ng sariling solusyon sa mga kumplikadong problema.
- **Ilang mga partikular na interbensyon na isinasagawa ng magkasama o nag-iisa tulad ng coaching sa pagnenegosyo, networking, edukasyon sa pananalapi at negosyo, skills training, pag-akses sa puhunan, at abot-kayang pangangalaga sa mga bata ay nakikitang may potensiyal na gawing mas matagumpay ang mga negosyo ng mga kababaihan.** Nag-aalok ang DTI ng serye ng mga training modyul para sa mga microentrepreneurs at nakikita nila ang higit na aktibong pakikilahok ng mga kababaihan kaysa sa mga kalalakihan sa mga ito. Tinutulungan din ng

mga modyul na ito ang mga kalahok na bumuo ng isang plano sa pagpapabuti ng negosyo (business improvement plan) at nakikita itong makakatulong para maiwasan ang mga karaniwang pitfalls sa pagnenegosyo, kabilang na ang paggamit ng child labor.

- **Ang mga kinatawan ng WEE ay gumawa ng ilang mga hakbang na naglalayong pigilan o masugpo ang child labor at UACW sa mga negosyo ng kababaihan**. Ang mga kinatawan ng WEE na nakapanayam ng RICHES project ay nagpahiwatig na hindi sila kasalukuyang nag-aalok sa kanilang mga kliyente ng mga espesyal na rate/ term, label o iba pang mga uri ng programa para sa pagtugon sa mga problema ng child labor o UACW sa kanilang mga negosyo. Sa kabaligtaran, marami sa kanila ang may limitadong pag-unawa o kamalayan sa child labor at UACW, kabilang ang mga batas at regulasyon, at madalas ay nag-aalinlangan na i-presyur ang kanilang mga nabibigatan nang kliyente.

Ang larawan sa ibaba ay nagpapakita ng ilan sa mga pangunahing kadahilanan na nag-aambag sa insidente ng child labor at UACW sa mga negosyo ng mga kababaihan. Itinatampok din nito ang potensyal para sa mga kinatawan ng WEE na makaapekto sa mga isyung ito, positibo man sa pamamagitan ng kanilang mga interbensyon o negatibo dahil sa kabiguang kumilos. Tulad ng iminungkahi ng spektrum na ito, mayroong ilang mga leverage points kung saan ang mga kinatawan ng WEE, lalo na ang mga FSP, ay maaaring makapagdulot ng pinakamalaking epekto. Naiimpluwensyahan ng mga FSP ang pagkuha ng mga negosyanteng kababaihan sa mga serbisyong pampinansyal ngunit ang pinakamahalaga dito ay naiimpluwensyahan nila ang disenyo ng mga produktong nakitaan ng potensyal na makapagpalala sa child labor at UACW dahil sa mga katangian nito tulad ng agresibong mga terms sa pautang at mga patakaran sa pag-recover dito.



## MGA PANGUNAHING REKOMENDASYON

### Rekomendasyon sa Lebel ng Organisasyon

Ang mga sumusunod ay mga rekomendasyon na maaring ipatupad ng mga kinatawan ng WEE sa kanilang mga organisayon upang mapataas ang kamalayan, mapabuti ang mga patakaran at gawi sa loob ng organisasyon, at magbigay ng mga mas de-kalidad na mga produkto at serbisyo sa kanilang mga kliyente:

- Itaas ang kamalayan sa child labor at UACW sa mga kinatawan ng WEE upang madagdagan ang kanilang pang-unawa sa mga isyu at mahimok silang kumilos. Kasama rito ang pagtawag pansin sa mga investors, networks, at asosasyon upang maimpluwensyahan ang gawain ng mga kinatawan ng WEE sa pamamagitan ng kanilang pagbigay ng puhunan at tulong teknikal.
- Bumuo ng "Do No Harm" na mga patakaran na gagabay sa mga gawain sa loob ng organisasyon, tulad ng pagsubaybay sa mga resulta ng programa upang matiyak na wala itong magiging masamang epekto. Magsagawa ng mga pagsusuri sa panganib (risk assessments) na makakatulong sa mga kinatawan ng WEE na maunawaan ang panganib ng child labor at UACW sa mga negosyo ng kanilang kliyente sa kabuuan, at sanayin ang mga tauhan na mas maunawaan, makilala at masubaybayan ang child labor at UACW sa loob ng mga indibidwal na negosyo ng kliyente.
- Mag-alok ng mga produktong pampinansyal na nagsasaalang-alang ng mga partikular na pangangailangan ng mga babaeng negosyante at ang mga panganib ng child labor at UACW. Halimbawa dito ay ang akses sa mga emergency loan o mga produktong financing sa kalusugan, mga educational loans o savings products na makakatulong sa mga kababaihan na matustusan ang edukasyon o iba pang gastusin ng kanilang mga anak, at mga digital na serbisyong pampinansyal na makakatulong na malampasan ang limitadong galaw ng kababaihan at pangangailangan ng mga transaksyong nasa oras.
- Humanap ng mga paraan na masuportahan ang mga 15 hanggang 18 taong gulang (kung saan pinapayagan ng mga lokal na regulasyon na magbigay ng mga serbisyo sa mga menor de edad) na magkaroon ng kanilang sariling mga negosyo at makakuha ng mga serbisyong pampinansyal na makakatulong sa pagtugon sa mga pangangailangan sa kanilang edukasyon. Ito ay upang magkaroon sila ng kakayahang pagsamahin ang trabaho at pag-aaral sa isang ligtas, produktibo, at legal na paraan.
- Taasan ang proteksyong panlipunan ng sa mga babaeng negosyante at kanilang pamilya. Halimbawa, subukan ang pagbibigay sa kanila ng mga pagpipiliang mga pribadong microinsurance na higit pa sa credit life insurance tulad ng health at accident insurance. Magtaguyod ng mga ugnayan sa ibang organisasyon para sa mga serbisyong makakatugon sa mga pangangailangan ng kliyente na wala sa mga ibinibigay na serbisyo ng mga kinatawan ng WEE tulad ng mga tumutugon sa edukasyon, mga programa ng gobyerno at mga remediation program sa child labor.
- Mag-alok ng mga serbisyong pampinansyal at pangnegosyo upang matulungan ang mga kababaihan, ang kanilang sambahayan, at ang kanilang mga negosyo na makayanan ang mga hindi pangyayaring hindi inaasahan at upang matulungan din sila sa pamamahala at pagpaplanong pinansiyal sa personal at negosyo, kabilang na sa panahon ng krisis. Kaugnay nito, suportahan ang mga kababaihang negosyante na matukoy ang mga partikular na peligro o panganib sa child labor at hindi ligtas na kondisyon sa pagtatrabaho sa kanilang kabahayan at negosyo para sa kanilang sarili, kanilang mga empleyado, at kanilang mga anak. Ang mga simpleng tool sa pagsusuri ng peligro at mga napatunayang programa ay maaaring magpabilis sa pagbabago ng ugali ng kababaihan. Dapat ding tumingin ang mga service provider sa mga inaalok na serbisyo sa mga Go Negosyo Center at sa programa ng MentorME upang madagdagan ang pag-akses ng mga kababaihan sa mga serbisyong makakatulong sa kanila. Bilang karagdagan, tulungan din silang makalahok sa mga training sa pagnenegosyo at mga kasanayan at makakuha ng mga resources

upang makahanap sila ng ibang mapagkakakitaan kapag ang kanilang pangunahing negosyo ay hindi kumikita.

- Tiyaking ang mga interbensyon na binuo ng mga kinatawan ng WEE ay naglalayong tugunan ang child labor at UACW at ang mga ito ay:
  - tumutingin sa kabuuhan and naghihikayat ng pakikilahok;
  - pagmamay-ari ng lokalidad at naaangkop sa konteksto; at
  - nagsasa-alang-alang sa mga tunay na sanhi ng child labor at UACW.

### Rekomendasyon sa Lebel ng Kliyente

Ang mga sumusunod ay mga pangunahing diskarte na maaaring gawin ng mga kinatawan ng WEE kasama ng kanilang mga kliyente upang madagdagan ang kamalayan sa child labor at UACW, madagdagan ang mga kasanayan sa pamamahala ng panganib, at mapagbuti ang paggawa ng desisyon sa kabahayan:

- Pataasin ang kamalayan sa child labor at UACW ng mga kliyente na may partikular na diin sa kung paano gawing mas ligtas at mas malusog ang mga lugar ng trabaho para sa mga kababaihang negosyante at iba pa na nagtatrabaho sa negosyo. Ang pagpapataas ng kamalayan sa child labor ay dapat na nakatuon sa pagpapabuti ng kaalaman at pag-unawa sa child labor at mga kaugnay na batas mula sa pananaw ng proteksyon at kagalingan ng bata at hindi sa pagsunod sa mga batas. Dapat ding pansinin ang ang ginagawang pagbabalanse ng mga babaeng negosyante sa kanilang responsibilidad sa kabahayan at negosyo.
- Paigtingin ang mga dayalogo sa loob ng sambahayan at sa kasarian upang magkaroon ang mga pamilya ng mga tool para pag-usapan ang mga presyur na kinakaharap nila sa pinansiyal at sa kanilang mga negosyo habang sila ay dumadaan sa mga kumplikadong pagdedesisyon at mga trade-off.

### Rekomendasyon sa Lebel ng Polisiya o Patakaran

Bagaman nasa labas na ito ng saklaw ng RICHES project, ginawa rin ang mga sumusunod na rekomendasyon sa polisiya upang ipaalam ang mga programa na maaaring siyasatin ng mga gobyerno at iba pang gumagawa ng polisiyang nakatuon sa child labor, UACW, o WEE. Ang mga rekomendasyong ito ay naglalayong maging gabay sa kanilang mga pagsisikap na maitaas ang kamalayan, mapadami ang kaalaman, at makabuo at magpatupad ng mga mabisang batas, polisiya, at programa na tutugon sa child labor at UACW sa mga negosyo ng kababaihan.


- Padamihin ang kaalaman para sa mga stakeholder sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagkolekta ng mga impormasyon tungkol sa insidente ng child labor at UACW sa mga WEE initiatives at pagyamanin ang pakikipagtulungan ng mga kalahok sa child labor, UACW, at WEE sa pamamagitan ng public-private partnership.
- Itaguyod ang parehas na pag-unawa sa mga terminong batang nagtatrabaho (working children) at batang manggagawa (child labor), at tiyakin na ang mga terminong ito ay patuloy na ginagamit sa mga nailathalang mga report, at para sa pangkalahatan.
- Isali ang DTI - Bureau of Small and Medium Enterprise Development (BSMED) at mga kinatawan ng WEE sa National Council Against Child Labor. Sa kabilang banda, dapat isama ng BSMED ang mga isyu ng child labor at mga kondisyon sa trabaho sa kanilang programang MentorME.
- Palakasin ang katatagang pampinansyal ng mga sambahayang mahina pagdating sa child labor at UACW sa pamamagitan ng pagbigay ng puhunan sa mga negosyo ng kababaihan, mga programang may proteksyong panlipunan, at pagsusulong ng pag-iipon at mga murang insurance schemes.
- Suportahan ang pagnenegosyo at microfinance, partikular sa mga kababaihan, sa pamamagitan ng pagpapasigla ng mga programa ng gobyerno na sumusuporta sa sektor ng microfinance tulad ng mga garantiya sa utang at pagbawas ng mga hadlang sa regulasyon para sa mga negosyanteng

kababaihan at pagtugon sa mga hadlang sa pag-aalaga ng mga bata sa pamamagitan ng mga programa sa child care o pangangalaga sa bata.

- Palawakin ang mga proteksyong panlipunan at sa labor para sa mga manggagawa sa impormal na sektor at sabay na bumuo ng mga polisiya upang mailipat sila sa pormal na sektor. Tiyaking sapat ang suporta sa mga hakbang na nakabalangkas sa Philippine Development Plan 2017-2022 na naglalayong mapabuti ang mga proteksyon para sa mga manggagawang nasa impormal na sektor at mapadali ang paglipat nila patungo sa pormal na sektor.
- Pagbutihin ang pag-akses sa kalidad na edukasyon at kasanayan para sa mga bata at kabataan na at-risk o nasasangkot sa child labor. Mag-alok ng mga programang makakatulong upang mabawi ang hindi direktang mga gastos sa edukasyon tulad ng "baon" (tanghalian sa paaralan), transportasyon, mga gamit, atbp.
- Pagbutihin ang disenyo at pagpapatupad ng mga polisiya at programa upang matugunan ang child labor at UACW tulad ng pagbibigay tuon sa pagpapataas ng kamalayan sa proteksyon ng bata kaysa sa pagsunod lamang sa batas sa labor o sa mga karapatan ng bata.
- Palakasin ang mga polisiya, batas, at pagpapatupad nito upang mas maprotektahan ang mga kababaihan at mga bata mula sa pagsasamantala, diskriminasyon, at karahasan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga patakaran na tumutukoy sa pagkiling at diskriminasyon laban sa mga kababaihan at mga batang babae. Ilang halimbawa nito ay ang pagbutihin at pagtutugma sa batas pang-agraryo at ang pagpapatupad nito upang mapabuti ang kakayahan ng mga kababaihan na bumili, magmana, at magmay-ari ng lupa, at gamitin ito bilang kolateral.

## ANG RICHES TOOLKIT

Ang PSA research na ito ay nagpapatunay sa pangangailangan ng isang koleksyon ng mga tools na maaaring magamit upang matugunan ang mga sanhi ng child labor at UACW sa negosyo ng mga kababaihan. Ang sumusunod na teorya ng pagbabago (tingnan ang graphic sa susunod na pahina) para sa RICHES toolkit ay nagpapalagay na KUNG mayroong maigting na pakikipagtulungan sa pagitan ng mga kinatawan ng WEE, child labor at UACW, at KUNG napabuti ng mga kinatawan ng WEE ang kamalayan sa child labor at mga panganib sa UACW ng kanilang mga kliyente at nakapag-aalok ng isang komprehensibong hanay ng mga serbisyo na sensitibo sa child labor o UACW, SAKA magkakaroon ng mas mabuting kamalayan ang mga kababaihang negosyante sa child labor at UACW at magkakaroon ng akses sa mas mabuting stratehiya sa kabuhayan at pagpapalano sa katatagan. MAGRERESULTA ito sa mga negosyo ng mga kababaihan na nagpapabuti ng buhay nang responsable at hindi kailangang gumamit ng child labor at UACW.


Women-led Enterprises Improving Lives Responsibly without Child Labor (CL) and Unacceptable Conditions of Work (UACW)
RICHES
• Continued/improved school attendance among children and youth
• Reduced reliance on child labor
• Improved ability to bounce back from shocks without resorting to CL/UACW
• Improved awareness among clients and other household members regarding CL/UACW
• Improved business investment, revenues and profit
• Safe business practices
• Increased use of savings and other risk-mitigating financial services
• Improved decision-making about roles children play in women's enterprises and safe, legal limits for their work
• Improved decision-making about caretaking and divisions of labor
• Improved decision-making about plans for emergencies and financial shocks
CL/UACW Awareness
Livelihoods
Resilience
Women's Economic Empowerment (WEE) providers equipped to integrate CL/UACW awareness into strategy
CL/ UACW Awareness
Product/ Service Design
Internal Processes
Cross-sectoral collaborations improved between WEE and CL actors
CL/UACW & WEE Awareness
Cross-Sectoral Partnerships
Clients
Women's Economic Empowerment Actors
Enabling Environment
RICHES Theory of Change

Upang makamit ang mga panandaliang resulta at ang pangmatagalang layunin, ang RICHES project ay bubuo ng mga tools na pupuno sa mga puwang sa mga programa ng WEE at child labor/ UACW at:

- Tutugon sa mga puwang sa kamalayan at pag-unawa sa child labor at hindi ligtas na kondisyon sa pagtatrabaho para sa malawak na hanay ng mga aktor ng WEE kabilang ang mga FSP, mamumuhunan at kliyente;
- Tutulong sa mga FSP na punan ang pangangailangan para sa mga produktong pampinansyal at serbisyo na pinasadya para sa mga kababaihan, kabilang na ang mas maigting na paggamit ng mga produktong nakatuon sa mga panganib tulad ng insurance at pag-iipon at mas mahusay na kaalamang pampinansyal at pangnegosyo;
- Tutulong sa mga kinatawan at kliyente ng WEE na masuri ang mga peligro kaugnay ng child labor at hindi ligtas na mga kondisyon sa pagtatrabaho at masubaybayan ang kanilang pag-unlad patungo sa pagtugon sa mga ito sa loob ng kanilang mga portfolio at negosyo;
- Susuporta sa positibong pagdedesisyon sa sambahayan, pagpaplano para sa pamamahala ng mga risks sa sambahayan at mga desisyon sa kapakanan ng mga bata; at
- Mag-uugnay sa mga kliyente ng FSP sa pamahalaan o iba pang mga serbisyo sa social protection sa komunidad tulad ng mga programa para sa ultra-poor, after-school, cash transfer, edukasyon, atbp.

## KONKLUSYON

Sa mga panimulang pakikipag-usap sa mga FSP sa Pilipinas, nakita ang kanilang pagiging bukas sa pagtiyak na ang kanilang mga interbensyon ay hindi magkakaroon ng hindi inaasahang negatibong kahihinatnan ngunit nag-aalangan silang maglagay ng mga karagdagang paghihigpit (halimbawa, walang child labor) sa kanilang mga kliyenteng kasalukuyan ng gipit. Isang pangunahing hamon ay ang pagtuturo sa mga FSP tungkol sa child labor at UACW upang mawala ang mga kuru-kuro na ang pagtugon sa mga dito ay kailangang may karampatang parusa. Dahil kadalasan ay kaunti lamang ang kaalaman sa child labor at UACW ng mga stakeholder ng WEE, ang unang hakbang na dapat gawin ay pagpapataas ng kanilang kamalayan sa mga isyung ito at pagtuklas ng kanilang kaugnayan sa mga inisyatibo ng WEE.

Ang pamahalaan at mga non-government organizations sa Pilipinas, kabilang ang mga FSP, ay parehong may napakalaking kapasidad na tugunan ang child labor at mga kondisyon ng trabaho sa mga negosyo ng mga kababaihan. Mayroong malaking potensyal para makagawa ng magandang resulta sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng iba't-ibang mga stakeholder.

Ang child labor at UACW sa mga WEE initiatives ay mga komplikadong problema na nangyayari sa buong mundo partikular na sa mga paunlad na bansa pero maaaring magkaiba ang uri at mga insidente ayon sa konteksto. Sa kabila ng malawakang pagsisikap na maiwasan at mawala ang child labor at UACW, at masuportahan ang pagnenegosyo ng mga kababaihan (magkahiwalay na isyu), hindi gaanong binibigyan ng tuon ang interseksyon ng mga isyung ito. Layon ng RICHES initiative na tugunan ang puwang na ito sa pamamagitan ng pagdagdag sa pagkakaroon, kakayahang magamit, at kakayahang maiangkop ang mga tools na pinagsasama ang kamalayan sa child labor at mga katanggap-tanggap na kondisyon ng trabaho sa mga inisyatibo ng WEE. Ipinapahiwatig ng pananaliksik na ito na mayroong interes at potensyal na umaksyon ang mga kinatawan ng WEE upang makapagdulot ng positibong pagbabago para sa mga babaeng pinaglilingkuran nila at kanilang mga anak.

Para makuha ang kumpletong PSA Report at ibang references, tingnan dito: Camillo, C., Ramesh, D., Cornet, N., Kuklewicz, A., Gray, B., Portillo Cienfuegos, V., Escoton, V., & Brul, B. (2019). Reducing Incidence of Child labor and Harmful Conditions of Work in Economic Strengthening Initiatives: Pre-Situational Analysis Report. Washington, D.C.: ABA-ROLI and Grameen Foundation. https://grameenfoundation.org/documents/RICHES-PSA-Report-FINAL.pdf

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa RICHES, makipag-ugnayan kay Amelia Kuklewicz sa akuklewicz@grameenfoundation.org.